



# MGA INAASAHANG PAG-UUGALI NG MGA TAONG NASA HUSTONG GULANG SA AUSTRALIAN FOOTBALL

## ANO ANG MGA INAASAHANG PAG-UUGALI NG MGA TAONG NASA HUSTONG GULANG SA FOOTBALL?

Habang ang ilang mga tao sa football na nasa hustong gulang ay napapailalim sa mga patakaran sa pag-iingat ng bata, mga pamamaraan at mga code of conduct (koda ng pag-uugali), inaasahang gagampanan ng **lahat ng mga taong nasa hustong gulang**, kabilang ang mga magulang at tagapag-alaga, ang kanilang tungkulin sa pagpapanatiling ligtas ng mga bata at kabataan sa football.

**Anumang pag-uugali ng isang magulang, tagapag-alaga o miyembro ng pamilyang nasa hustong gulang na itinuturing na hindi ligtas (at sa ilang mga kaso, labag sa batas) ay hindi palalampasin ng AFL, isang club, liga, samahan o maging ng pulisya.**

Ang papel pang-impormasyong ito ay hindi lamang narito para bigyan ka ng gabay kung paano **ka** dapat kumilos, kundi ipinapaalam din nito sa iyo kung paano dapat kumilos ang **ibang mga taong nasa hustong gulang**, kaya kung may napapansin ka na parang hindi tama, punahin mo ito.

Mayroon kang tungkuling mag-ambag para sa isang kapaligirang ligtas at inklusibo (napapabilang sa lipunan) para sa lahat ng bata at kabataan sa football, hindi lamang para sa iyong sariling mga anak.

## MGA KAHULUGAN

**Ang Bata:** ay isang taong kasama sa footy na 12 taong gulang o mas bata - kadalasan ay isang manlalaro ngunit maaari ring kapatid ng isang manlalaro o anak ng isang nasa hustong gulang sa club.

**Ang Kabataan:** ay isang taong kasama sa footy na nasa pagitan ng edad na 13 at 18 taong gulang – karaniwan ay isang manlalaro ngunit maaari ring isang reperi (umpire) o may ibang tungkulin sa club, o isang kapatid o anak ng isang manlalaro.

**Ang taong nasa hustong gulang:** ay isang taong kasama sa footy na mahigit sa 18 taong gulang – ito ay maaaring isang coach, manager, umpire, opisyal ng club, kawani ng AFL, volunteer, at/o isang magulang.



**alamin** kung ano  
ang ok



**gawin** kung ano  
ang tama



**kumilos** kapag may  
napansin kang hindi tama

**LAHAT NG MGA TAONG NASA HUSTONG GULANG AY  
INAASAHANG MAGTIYAK NA ANG MGA BATA AT KABATAAN  
AY PALAGING NAKADARAMANG LIGTAS AT MAINIT NA  
TINATANGGAP SA AUSTRALIAN FOOTBALL**



### Contact

Pisikal na paghipo na normal lang sa football at nangyayari sa harap ng ibang mga tao at MAYROONG pahintulot ng bata o kabataan.

Maaaring kabilang dito ang pag-tackle, pagpapakita ng mga kasanayan (skills) at diskarte, pag-iwas na masaktan o pagpapanatili ng kaligtasan nila, o pagbibigay ng high five o tapik sa likod para ipagdiwang ang pagkapanalo.

### Komunikasyon

Patnubay na positibo, kapaki-pakinabang, at nakatuon sa paglalaro ng footy ng bata o kabataan, hindi mismo sa kanila.

Wikang mahinahon at mabait at madali nilang maintindihan.

Online na komunikasyon na kinabibilangan mo bilang isang magulang o tagapag-alaga o ginagamit sa buong team.

### Mga hangganan

Kung ang isang taong nasa hustong gulang ay may ligtas, o tamang mga hangganan, nangangahulugan ito na siya ay:

- tinitiyak na nauunawaan ng mga bata at kabataan ang kanilang tungkulin
- kumikilos nang propesyonal – palakaibigan ngunit hindi isang kaibigan
- tinatrato nang patas ang bawat isa sa team
- sinusunod ang mga patakaran, halimbawa sa pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa isang bata o kabataan, o pagkuha lamang ng kanilang mga larawan kung may pahintulot nila at pahintulot mo, at kung ito ay tungkol sa football
- laging kumikilos nang naaangkop kapag nasa paligid ng mga bata at kabataan na kaniyang responsibilidad.

### Pangangasiwa

Ang mga taong nasa hustong gulang na may tungkuling mangasiwa sa mga bata at kabataan sa football ay dapat:

- nalalaman kung nasaan ang mga bata at kabataan sa lahat ng oras
- binibigyan sila ng privacy (pagkapribado) para magamit ang banyo o mga change-room (silid-bihisan), pero tinitiyak pa rin na ligtas sila
- sinasamahan mo silang maghintay hanggang sila ay masundo
- nag-aalok lamang na maghatid kung mayroon siyang lisensya at nakaseguro ang kaniyang sasakyan, binigyan ng nakasulat na pahintulot (hangga't maaari) at alam ito ng iba pang tao sa club.



### Contact

Anumang paghipo na hindi pinahintulutan ng isang bata o kabataan, o paghipo na dahilan para siya ay mailang.

Anumang paghipo na may pagka-sekswal, kinasasangkutan ng maseselang bahagi ng isang bata o kabataan, o paghipo na nakakahiya para sa kaniya.

Anumang paghipo na nangyayari sa isang pribadong lugar tulad ng mga changeroom (silid-bihisan) o sasakyan.

### Komunikasyon

Anumang wika o komunikasyon na dahilan para mailang, mag-aalala, matakot o mapahiya ang isang bata o kabataan.

Anumang komento na sekswal o dapat pribado sa online o harap-harapan.

Anumang kontak sa iyo na nangyayari sa labas ng mga aktibidad na kaugnay sa footy (halimbawa sa hatinggabi), sa pamamagitan ng mga private chat platform (tulad ng mga social o pag-text), ay sobra-sobra o malabis, o kung tungkol sa mga personal na bagay na walang kinalaman sa football.

### Mga hangganan

Kung ang isang taong nasa hustong gulang ay may hindi ligtas, o maling mga hangganan, nangangahulugan ito na siya ay:

- pinapaboran, inihihiwalay o pinupuntirya ang isang tao
- tumatanggap o nagbibigay ng mga regalo sa mga bata, mga kabataan o kanilang pamilya maliban kung ipinamamahagi ang mga ito sa lahat at humingi muna ng pahintulot
- kinokontak ang isang bata o kabataan at/o kanilang pamilya (o mga dating manlalaro) sa labas ng mga aktibidad ng football, kabilang ang pag-kontak sa pamamagitan ng social media maliban kung mayroon nang dating relasyon (pamilya o mga kaibigan) at walang ginawang lampas sa mga ipinagbabawal sa pag-kontak na ito
- nag-aalok ng tulong sa isang bata o kabataan o kanilang pamilya para sa mga bagay na labas na sa kaniyang tungkulin (tulong sa bahay / pera / pagbili ng mga bagay para sa kanila)
- umiinom ng alak, nagdodroga, nagmumura o naninigarilyo sa harap ng mga kabataan sa football.

### Pangangasiwa

Ang mga taong nasa hustong gulang na may tungkuling mangasiwa sa mga bata at kabataan sa football ay hindi dapat:

- madaling maistorbo ng kaniyang telepono o ng ibang tao
- hinahayaang gumamit ng banyo ang maliliit na bata nang hindi tinitiyak muna kung may mga panganib
- iniwan ang isang bata o kabataan nang mag-isa, kahit pa ang isang magulang o tagapag-alaga ay mahuhuli sa pagsundo sa kanila
- ipinapasyal ang mga kabataan sa kaniyang sasakyan nang walang ingat, habang nakainom o nakadroga, o nang walang pahintulot.



OK

### Kapaligiran

Ang ligtas na kapaligiran para sa mga bata at kabataan sa football ay:

- isang lugar na maaaring mapuntahan ng mga taong may iba't ibang pinagmulang kultura at kakayahan na komportable nilang mapupuntahan
- mga football trip na masaya at ligtas para sa mga bata at kabataan na dadalo
- mga kampo kung saan ang mga bata at kabataan ay binibigyan ng privacy (pagkapribado), nadarama ang mainit na pagtanggap at maaaring tumawag sa kanilang bahay kung kailangan nila
- mga silid-bihisan at kubeta sa lugar-palaruan na angkop para sa anumang kasarian
- mga online space kung saan ang komunikasyon ay bukas para sa lahat at walang itinatago at maaaring subaybayan ng ibang mga taong nasa hustong gulang



HINDI OK

### Kapaligiran

Ang hindi ligtas na kapaligiran para sa mga bata at mga kabataan sa football ay:

- isang lugar na mahirap mapuntahan ng mga bata at mga kabataang may kapansanan o kung saan ang mga taong may iba't ibang kulturang pinagmulan ay nakakaramadam na hindi sila kabilang
- mga football trip o mga event (kaganapan) na may kasamang alak o droga na madaling mauwi sa gulo at walang mga taong nasa hustong gulang na nagbabantay sa mga bata at kabataan
- mga kampo kung saan ang mga bata at kabataan ay pinaparusahan, pinapahiya o pinaparamdam ng pangungulila at pagkailang
- mga change room at kubeta sa grounds na walang privacy (pagkapribado) at ang mga bata, kabataan at mga taong kinikilala bilang transgender o non-binary ay nakakaramdam na hindi ligtas
- mga online space kung saan ang komunikasyon ay one-on-one at ginagamit upang magbahagi ng hindi naaangkop na materyal na walang kinalaman sa footy.

## MAGSALITA KA

Kahit na hindi mo direktang nakausap ang isang bata o kabataan, pero **NAGHIHINALA** ka na may bagay na hindi tama, mahalagang magsalita ka.



### Maaari mong:

Direktang makipag-usap sa isang taong pinagkakatiwalaan mo sa football tulad ng isang coach, manager ng team, reperi (umpire), opisyal o kinatawan ng club.



Isulat ang iyong mga alalahanin at ipasa ang mga ito sa iyong club o samahan sa pamamagitan ng email o liham.



Gamitin ang QR code na ito para maipaalam ang iyong alalahanin sa AFL.



Para sa anumang mga tanong tungkol sa safeguarding (pag-iingat), mag-email sa [childsafety@afl.com.au](mailto:childsafety@afl.com.au)

**Tandaan, gusto namin na lahat ng mga bata at kabataan sa football ay maging ligtas, makaramdam na ligtas, maglaro nang ligtas.**

Gaya ng karaniwang ginagawa, kung mayroong sinumang nasa panganib, kontakin ang pulisya sa 000